

COVID-19

(Coronavirus)

PHASE
2-4

Patnubay para sa mga Nanny

Ang mga Nanny na nagtatrabaho sa isa o mahigit sa isang pamilya ay hindi regulated ng Bermuda government, kung kaya't ang mga sumusunod na patnubay ay ginawa bilang suporta sa mga Nanny at ang pamilya ng kanilang mga alaga.

Kinakailangang pag-aralang mabuti ng bawat pamilya at Nanny/Babysitter kung nais pa nilang ipagpatuloy ang kasalukuyang set up ng kanilang pagtatrabaho.

Ang mga Nanny shares na nag-aalaga ng mga bata mula sa mahigit sa isang pamamahay ay ibinibilang na isang Day Care Provider at kailangang sumangguni sa mga Patnubay para sa mga Day Care Providers.

Proteksyon

Kung ikaw ay isang Nanny o ikaw ay isang pamilya na piniling paglilingkuran ng isang Nanny sa inyong tahanan upang mangalaga ng mga bata, may mga kaukulang aksyon na marapat gawin para protektahan ang iyong sarili, pamilya at ang Nanny mula sa panganib ng COVID-19.

Kabilang na dito ang:

- Pagsasanay ng ligtas at epektibong kalinisan para sa proteksyon ng mga bata, pamilya at ng Nanny
- Kung ang Nanny o ang pamilya ay may mga sintomas ng COVID-19, ang Nanny ay hindi dapat pumasok sa trabaho at ang pamilya ay dapat manatili sa bahay at tumawag sa kani-kanilang mga doktor.
- Laging subaybayan ang temperatura ng katawan.

Ang mga pangkalahatang stratehiya na inirerekumenda ng United States Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at ng Bermuda Ministry of Health upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 ay kapareho ng mga stratehiya na ginagamit sa pang-araw araw na pangangalaga sa bahay upang maiwasan ang pagkalat ng mga respiratory virus tulad ng trangkaso.

Sa panahong ito ng kawalan ng katiyakan at mga bagong paghihigpit na ipinatutupad sa bawat araw, mahalaga ang kalinisan at regular na paghuhugas ng kamay upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, at upang matiyak ang maayos na mental at pisikal na kagalingan ng mga bata sa lahat ng oras.

Patnubay

Kung ang pamilya at ang Nanny ay nasa mabuting kalusugan, walang dahilan na hindi ipagpatuloy ang pagkakaroon ng Nanny sa bahay.

Ang pagkakaroon ng isang Nanny o Babysitter bawat isang pamilya ay ang ideyal na sitwasyon, subalit sa kadahilanang pinansyal, inimumungkahi ng Ministry of Health na hanggang dalawa o tatlong pamilya lamang ang maaaring pasukan ng isang Nanny o Babysitter.

Batid ng Ministry of Health na ang mga pamilya ay nangangailangan ng tulong upang makapagtrabaho subalit kung maraming tahanan na ang pinaglilingkuran ang isang Nanny, mas malamang na maikalat nito ang COVID-19 o iba pang mga mikrobyo.

Ang ilang pang mga bagay na dapat isaalang-alang:

- May kasambahay ba ang Nanny o pamilyang pinaglilingkuran na may kasambahay na mahina ang pangangatawan na dapat na protektahan? Kung gayon, hindi dapat magpapasok ng ibang tao sa loob ng bahay.
- Ang mga batang wala pang 2 taong gulang ay HINDI dapat gumamit ng face mask at para sa mga bata na ang edad ay sa pagitan ng 2 at 10 taon, kinakailangang sa maikling oras ang pag gamit nito.
- Regular na kunin ang temperatura ng mga bata at matatanda. Kung may lagnat ang isa sa kanila, dapat makipag-ugnayan sa kanilang doktor at ang Nanny / Babysitter ay dapat na tumigil na pumasok hanggang humupa ang lagnat ng pasyente.
- Panatilihin mag-update at ipagbigay-alam sa lahat kung ikaw ay nagtatrabaho para sa magkakaibang pamilya. Dapat malaman ng mga pamilya at Nanny ang impormasyong ito at maging handa na ibahagi ito sa Ministry of Health kung kailangan.
- Iwasan ang mga pampublikong park at mga pagtitipon na walang physical distancing.
- Iwasan ang pampublikong transportasyon hangga't maaari - para sa mga Nanny na nagtatrabaho o ang mga bata na lumalabas sa araw.

COVID-19

(Coronavirus)

Sundin ang mga Payo sa Kalinisan sa Bahay

- Pag-ibayuhin ang paghuhugas ng kamay para sa mga bata at mga Nannies/Babysitter.
- Linisin ang mga bagay na palagiang nahahawakan tulad ng counter, table, hawakan o mga knobs ng pinto at remote control.
- Dagdagan ang bentilasyon sa loob ng bahay kung posible o palabasin ang mga bata sa labas kung naaangkop. Tandaan na laging mag-check ng temperatura.
- Ang mga damit na nadumihan ng tulad ng pagsusuka o pagtatae ay dapat na itapon na, sunod sa pag ayon ang pamilya. Tiyakin na ang Nanny/Babysitter ay mayroong pamalit na damit sa bawat araw.

Epektibong Personal na Kalinisan para sa mga Nanny / Babysitter

- Hugasang mabuti ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng 20 segundo pagdating at bago umalis sa bahay ng mga alaga mo.
- Madalas maghugas ng kamay bago ihanda ang pagkain, pagkatapos gamitin ang banyo, o pagkatapos humawak ng mga maruming tela o tisyu.
- Kung walang tubig at sabon, gumamit ng hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% na alkohol. Ang mga bata ay hindi dapat gumamit ng hand sanitizer sapagkat ito ay masyadong matapang sa kanilang balat.
- Iwasang hawakan ang iyong mga mata, bibig, at ilong.
- Takpan ang pagbahin o ubo gamit ang iyong manggas o tisyu. Ibasura ang mga maruming tisyu sa isang plastic bag.
- Maglagay ng distansya sa pagitan ng iyong sarili at ng ibang tao. Mahalaga ito lalo na sa mga alaga mo, dahil ang mga matatanda at mga taong may kondisyon sa kalusugan ay maaaring mahawa sa sakit.
- Hindi kinakailangan gumamit ng face mask kapag ang alagang mga bata ay walang mga sakit sa pag hinga o anumang malubhang karamdaman.

Mga Sintomas

Kung ang Nanny o ang pamilya ay may mga sintomas ng COVID-19 tulad ng:

- Lagnat o panginginig
- ubo
- Kapos at hirap na paghinga
- Madalas na pagkapagod
- Masakit na kalamnan o pangangatawan
- Masakit na ulo
- Biglaang pangkawala ng panlasa o pang amoy
- Masakit ang lalamunan
- Baradong ilong o runny nose
- Pagduduwal o pagsusuka
- Pagtatae

Ang Nanny ay hindi dapat pumasok sa trabaho. Pati ang pamilya ay dapat manatili sa bahay (lumayo sa ibang tao) at tumawag ng doktor.

Bitatahin ang: www.gov.bm/coronavirus para sa karagdagang impormasyon.

